# Ang Guro bilang Frontliner: Karanasan ng mga Guro sa Filipino sa Panahon ng Pandemya

## (The Teacher as a Frontliner: The Experiences of Filipino Teachers During the Pandemic)

**Arnel T. Noval**
arnel.noval@ctu.edu.ph
Cebu Technological University – Main Campus, Philippines

***Abstrak*** Ginalugad nito ang karanasan ng mga guro sa Filipino bilang *frontliner* ng edukasyon sa panahon ng pandemya sa pagsabay sa mga pangangailangan ng bagong kadawyan. Sinuri rin nito ang hamon at motibasyon ng mga guro sa pagtuturo sa kasagsagan ng COVID-19 pandemya. Ginamit sa pag-aaral ang penomenolohikal na pananaliksik at *Collaizi's seven steps of data analysis*. Labinlimang guro sa Filipino ang napili gamit ang *purposive sampling* at sinangguni upang magbahagi ng kanilang mga karanasan sa pagtuturo sa panahon ng pandemya. Natuklasan sa pag-aaral ang mga hamon sa pagtuturo gaya ng usad-pagong na *internet connection*, pagbuo, pagkolekta at pagwawasto ng modyul, banta sa pisikal at mental na kalusugan, at kakulangan sa *gadget* at iba pang *learning resources*. Samantala, ang motibasyon naman ng mga guro sa pagtuturo ay may temang mag-aaral ang puso ng pagtuturo, *breadwinner* si titser, kagustuhan at komitment sa sinumpaang propesyon, at pamilya ang lakas at sandigan sa pagtuturo. Kung kaya, ang motibasyon ng mga guro sa Filipino ay humihimok sa kanila upang paghusayan ang pagpapaabot ng kalidad na edukasyon sa kabila ng banta ng pandemyang COVID-19.

Noval, A. T. (2021). Ang guro bilang frontliner: Karanasan ng mga guro sa Filipino sa panahon ng pandemya. *The Normal Lights*, *15*(2), 163 – 188.
Corresponding Author: arnel.noval@ctu.edu.ph

***Mga Susing Salita:*** *Filipino, frontliner, guro, karanasan at pandemya*

**Abstract** *This explored the lived experiences of Filipino teachers as frontliners of education during the pandemic in coping with the needs of the new normal. It also analyzed the challenges and motivations of teachers during the prevalence of COVID-19 pandemic. The study utilized phenomenological research and Collaizi's seven steps of data analysis. Fifteen Filipino teachers were purposively selected and consulted to share their teaching experiences during the pandemic. The study revealed that the challenges in teaching are slow internet connection, developing, collecting and checking of modules, threats to physical and mental health, and the lack of gadgets and other learning resources. While, the teachers' motivations in teaching include themes such as student is the heart of teaching, teacher is the breadwinner, desire and commitment to the sworn profession, and family is the strength and foundation of teaching. Hence, the motivations of Filipino teachers encourage them to improve the delivery of quality education despite the threat of COVID-19 pandemic.*

***Keywords:*** *Filipino, frontliner, teacher, experience and pandemic*

## Panimula

Malaki ang ambag ng kalidad na edukasyon sa pangkalahatang kalinangan ng tao upang maging matagumpay sa hinaharap. Ayon kay Virola (2019), ang edukasyon ay may maraming mabuting naidudulot sa tao sa iba't ibang kaparaanan. Dagdag pa niya, ang magandang edukasyon ay isa sa pinakamahalagang bagay na kinakailangang matamo ng isang indibidwal. Ang

pagkakaroon ng mataas na edukasyon ay katumbas ng trabahong mataas ang pasahod, magandang oportunidad, at mabuting kalidad ng pamumuhay (Virola, 2019).

Sa pagsasakatuparan ng mga benepisyong maidudulot ng kalidad na edukasyon, ang mga guro ay may malaking kontribusyon bilang tagapaghubog sa susunod na henerasyon. Nakasalalay sa kahusayan ng kaguruan ang kalidad ng sistemang pang-edukasyon (Ming & Guan, 2016). Sinuportahan naman ito ni Rogayan (2018) na ang gampanin ng mga edukador ay hindi lamang sumasaklaw sa delibiri ng pang-akademikong kurikulum bagkus sakop din nito ang paglinang sa mabuti, mulat at makatarungang mamamayan. Pinangangatwiranan lamang ang mga guro ay may malaking tungkulin sa sistemang napapaloob sa anomang lipunan higit lalo sa paghubog sa karunungan, kamalayan at kaasalan ng kabataan. Magsisilbing hiyas ang mga katangiang ito sa pagsuong sa hamon ng kanilang napiling karera sa hinaharap. Ngunit, ang kanilang mga tungkulin sa kasalukuyang panahon ay nababalot ng pangambang dulot ng kalabang hindi nakikita, ang Corona Virus Disease 2019 (COVID-19) na kalauna'y idineklarang pandemya ng World Health Organization (WHO). Ang pandemya ay ang pagkalat ng isang epidemya ng nakahahawang sakit sa buong bansa o isang kontinente sa parehong oras (Qui, Rutherford, Mao & Chu, 2016-2017). Dahil sa bantang ito, napilitang magsuspende nang maaga ang mga klase sa Pilipinas sa taong panuruan 2019-2020.

Dahil dito, ang kaguruan sa bansa kabilang ang mga guro sa Filipino ay nahimok upang maghanap ng alternatibong paraan upang maipagpatuloy ang pagtuturo sa kabila ng pandemyang kinakaharap. Sa panayam kay Leonor Briones, Kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), ipinaliwanag niya na ang pagbubukas ng pasukan ay hindi nangangahulugang tradisyunal na *face-to-face learning*. Dagdag pa niya, ang mga hakbang sa pagbubukas ng pasukan

ay alinsunod sa mga rekomendasyon ng Department of Health (DOH), Inter-Agency Task Force (IATF) at ng Tanggapan ng Pangulo (Malipot, 2020).

Bilang pagtugon sa pandemya, ang mga kaguruan kabilang na ang mga guro sa Filipino ay naghahanda at patuloy na nagpapahasa ng kanilang mga kasanayan upang matugunan ang mga hamon sa pagtuturo gamit ang iba't ibang *learning modalities*. Ang mananaliksik ay isa ring guro sa Filipino kaya nilayon niyang galugarin ang karanasan ng mga kalahok upang mailarawan ang penomenong kaugnay sa kanilang mga hamon at motibasyon sa panahon ng pandemya. Ang penomenong ito ang ninanais suriin ng mananaliksik at naghimok upang isagawa ang pag-aaral. Mahalaga at napapanahon ang pag-aaral na ito dahil ipinapaabot nito ang panawagan ng kaguruan sa suportang kinakailangan nila sa kinauukulan upang matugunan ang mga pangangailangan sa pagharap sa mga hamong dulot ng pandemya na nakasasagabal sa pagpapaabot ng kalidad na edukasyon. Magmumulat din ito sa mga magulang at estudyante laban sa maling paniniwala na ang kanilang mga guro ay walang ginagawa sa mga panahong ito bagkus ang kaguruan ay nagsusumikap sa pagganap sa kanilang mga tungkulin bilang mga *frontliner* ng edukasyon sa pagnanais na magampanan ang sinumpaang tungkulin na mabigyan sila ng kalidad na edukasyon sa kabila ng mga bantang dulot ng COVID-19 pandemya.

## Ang Kahalagahan ng Motibasyon sa Pagtuturo sa Panahon ng Pandemik

Pinaniniwalaang ang mga guro ang nagsusulong sa pagbabago at pumapanday sa kinabukasan ng bansa. Malaki-laki na rin ang naging hakbang upang masiguro ang kalidad ng mga gurong huhubog at magsisilbing inspirasyon sa susunod na henerasyon ng mga mag-aaral (Rogayan, 2018). Pinagtitibay lamang nito ang malaking gampanin ng

kaguruan sa kinabukasan ng isang bansa kaya marapat lamang na maisaalang-alang ang mga motibasyon ng mga guro sa pagtuturo lalo na sa panahong may virus na kumakalat.

May mahalagang tungkulin ang motibasyon sa paghubog ng pag-uugali ng mga kasapi ng anomang organisasyon. Naiimpluwensyahan nito ang pagiging produktibo at pagganap ng mga kasapi. Ang motibasyon din ay isang pangangailangan at pwersang magpapakilos tungo sa nilalayon ng organisasyon. Nagagawa nitong maganyak ang tao na magpatuloy sa kanyang mga gawain o trabaho (Galvez, 2018). Binigyang-pagpapakahulugan naman na ang motibasyon ay tumutukoy sa atraksyon, retensyon at konsentrasyon sa isang bagay (Han & Yin, 2016).

Sa pag-aaral ni Börü (2018), natuklasan niya ang mga salik na nakaaapekto sa mga guro na kinapapalooban ng dalawang pangunahing tema. Ang unang tema ay ang *internal motivation resources*, kabilang dito ang di-materyal na mithiin, tagumpay at personal na katangian. Ang pangalawang tema ay ang *external motivation resource*s na kinabibilangan ng mga mag-aaral, nasyonal na polisiyang pang-edukasyon, punong-guro at mga katrabaho.

Mahihinuha sa mga pahayag nina Galvez (2018), Han at Yin (2016), at Börü (2018) na ang motibasyon ay ang panloob at panlabas na mga salik na gumaganyak sa mga guro upang manatili at magpatuloy sa pagtuturo sa kabila ng anomang hamon lalo na sa panahon ng pandemya. Pinatutunayan ng pag-aaral na ang mga motibasyong panloob at panlabas ay nakatutulong sa mga guro sa pagharap sa hamong dulot ng COVID-19. Binanggit ni Börü (2018), ang pagtukoy sa mga salik na nakakaapekto sa motibasyon ng mga guro sa pagtuturo ay napakahalagang usapin para sa mga mananaliksik. Ang kalikasan ng kaugnayan nito ay higit

na nauunawaan sa pamamagitan ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik.

## Learning Modalities sa Bagong Kadawyan: Pagtugon sa Banta ng Pandemya

Sa artikulo *online* ng Manila Bulletin noong Mayo 15, 2020, winika ni Kalihim Leonor Briones na *"education must continue to give hope and stability, contribute to the normalization of activities in the country, facilitate development of our learners and bring back normalcy to their lives but health and safety of learners and school personnel are of utmost importance and must be protected at all times* (Malipot, 2020)*."* Ipinapahayag lamang nito ang pagnanais ng sektor ng Edukasyon na harapin ang hamon ng pandemya at ipagpatuloy ang pag-aaral nang hindi isinaalang-alang ang kalusugan at kaligtasan ng mga mag-aaral at ng mga *school personnel.*

Sa kabilang banda, inilatag ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ang *learning modalities* upang mapaghandaan ang pagbubukas ng pasukan. Ilan sa mga nailatag ay ang tradisyonal na *face-to-face learning, distance learning, blended learning, at homeschooling.* Ang *face-to-face learning* ay isang *learning modality* na kapwa pisikal na nakikipagsalamuha sa klasrum ang guro at mag-aaral. Binibigyan nito ng pagkakataon ang mga guro at mag-aaral sa aktibong partisipasyon ng mga gawaing pampagkatuto, pagbibigay ng agarang fidbak, at paglinang sa sosyo-emosyonal na aspekto ng mga mag-aaral. Samantala, ang *distance learning* naman ay isinasagawa kung *geographically remote* ang guro at ang kanyang mga tinuturuan sa panahong isinasakatuparan ang instraksyon. Ang *modality* na ito ay may tatlong uri: *Modular Distance Learning, Online Distance Learning,* at *TV/Radio-Based Instruction.* Isa pang *learning modality* na inilatag ng DepEd upang maipagpatuloy ang pag-aaral ng kabataan sa kabila ng banta ng pandemya ay

ang *blended learning.* Ang *blended learning* ay deliberi ng pagkatuto na pinagsama ang *face-to-face* at ibang *modality* o pinagsanib ang *online* na pagkatuto*, modular distance learning,* at *TV/Radio-Based Instruction.* Makatutulong naman sa paaralan ang *blended learning* upang malimitahan ang *face-to-face learning*, matiyak ang pagpapatupad ng *social distancing,* at mapababa ang dami ng mga taong lumalabas sa kani-kanilang mga tahanan sa takdang oras. Binigyang-diin din ng kagawaran ang pagpapatupad ng *homeschooling* bilang *Alternative Delivery Mode (ADM)* sa pagtuturo na naglalayong mabigyan ang mga mag-aaral ng *access* sa kalidad na *basic education* sa pamamagitan ng paglikha ng kapaligirang nakabase sa tahanan na isasagawa ng kwalipikadong tagapangalaga, tagapagturo o magulang na may sapat na kasanayan sa *homeschooling.* Mabibigyan nito ng pagkakataon ang mga pamilya na maturuan ang kanilang estudyante ayon sa kanilang personal na paniniwala, pilosopiya, at pagpapahalaga, at upang maiakma ang oras o iskedyul ng pagkatuto batay sa iskedyul ng pamilya at sa kanilang sitwasyon (Llego, 2020). Ang DepEd at Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon (CHED) ay magkaagapay sa pagpapatupad ng *learning modalities* kaya naman hindi magkalayo ang mga programang ipinatutupad ng bawat ahensya. Isinasaad lamang nito na talagang pinagplanuhan at pinaghandaan ng bawat ahensya ang pagbubukas ng pasukan upang matiyak ang pagbalanse sa seguridad at pagganap sa mga gawaing pampaaralan habang nananatili sa kanilang mga tahanan o sa kung anomang *learning modality* na aakma sa kanilang sitwasyon.

Batay sa mga inilahad, masasabi na napapanahon ang pagsasagawa ng kasalukuyang pag-aaral upang maitampok at mapag-aralan ang kabuoang karanasan ng mga kalahok kabilang na ang kanilang mga motibasyon at mga hamong nararanasan dulot ng COVID-19. Isang paraan ito upang makabuo ng mga programa na makatutulong sa mga kaguruan hindi lang sa kapwa guro sa Filipino kundi

pati sa ibang mga asignatura. Mahalaga rin ito sa pagbuo ng mga polisiya upang matulungan ang sektor ng Edukasyon at matugunan ang mga pangangailangan sa pagtuturo sa Bagong Kadawyan. Higit sa lahat, binibigayang-diin din nito ang tungkulin ng kaguruan bilang *frontliner* sa paghahatid ng kalidad na edukasyon gamit ang *learning modalities* na ipinatutupad.

## Balangkas ng Pag-aaral

Ang Self-Determination Theory ay isang masaklaw na teoryang nakatuon sa personalidad at motibasyon, at sa kung paano nakikisalamuha ang isang indibidwal at dumepende sa kanyang lipunan (Legault, 2017). Maiuugnay rin ito sa paniniwala nina Ryan at Deci (2000) na nagpahayag na ang motibasyon ay tumutugon sa kung ano ang nagtulak sa pag-uugali ng tao at humimok sa kanya para kumilos, pati na rin sa kung paano nakokontrol ang pag-uugali sa iba't ibang aspeto ng kanyang buhay. Bilang sandigan ng pag-aaral, naniniwala ang mananaliksik na mahalagang masuri at magalugad ang mga hamon at motibasyon ng mga guro sa Filipino. Ginamit ang *Husserlian Descriptive Phenomenology* at *Colaizzi's Seven Steps of Data Analysis* upang mailarawan at masuri ang penomenon o ang mukha ng pandemyang danas sa sektor ng Edukasyon kabilang na ang kanilang pagpupursige at pagsasakripisyo maipagpatuloy lamang ang pagpapaabot ng kalidad na edukasyon sa lahat ng mga mag-aaral.

## Layunin ng Pag-aaral

Ginalugad sa papel na ito ang kwentong-buhay ng mga guro sa Filipino bilang *frontliner* ng edukasyon sa panahon ng pandemya sa pagsabay sa mga pangangailangan ng Bagong Kadawyan. Nilayon din nito na masuri ang mga hamong kinaharap at ang mga motibasyong naghimok sa kanila

na magpatuloy sa pagtuturo bilang batayan sa pagbuo ng mungkahing polisiya o programang makatutulong sa kanila upang maagapan ang mga hamong ito.

## Metodolohiya

### Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral ang *Husserlian Descriptive Phenomenology* at *Colaizzi's Seven Steps of Data Analysis* upang mailarawan at magalugad ang kwentong-buhay ng mga guro sa Filipino sa panahon ng pandemya. Ang nanguna sa pagsusulong sa deskriptibong penomenolohiya ay si Edmund Husserl na naglalayong tuklasin, galugarin, at ilarawan ang kahulugan ng isang penomenong naranasan at sinuri ang mga datos gamit ang pamamaraang ito (Augusto, 2019). Binanggit naman ni Gaddi (2016) na ang prosesong nakapaloob sa *Colaizzi's seven steps of data analysis* ay nagtutulak sa mga mananaliksik na pasukin ang komplikadong proseso ng interpretasyon ng mga datos upang tuklasin ang namamayaning tema nito.

### Mga Kalahok

Labinlimang (15) guro sa Filipino sa Hayskul at SHS ang napili na makilahok sa pag-aaral. *Purposive sampling* ang pamamaraan sa pagpili upang makahanap ng mga kalahok na kwalipikado batay sa sumusunod na mga kriterya: (1) gurong medyor sa Filipino, (2) aktibong nagtuturo sa taong panuruan 2020-2021, (3) nagtuturo sa Hayskul at SHS, at (4) boluntaryong makikilahok sa pag-aaral na walang pagdadalawang-isip.

### Instrumento ng Pananaliksik

Ginamit sa pangangalap ng mga datos ang *interview guide*

na may tatlong *open-ended questions* sa karanasan ng mga kalahok sa pagtuturo sa panahon ng pandemya. Sa pagpapahusay ng instrumento, ipinabalideyt ito sa tatlong propesor na dalubhasa sa larangan ng Wika, Panitikan, at Pananaliksik. Ang dalawang propesor na sinangguni ay kapwa nagtuturo sa *Graduate Studies Program* sa Filipino sa kani-kanilang Unibersidad habang ang pangatlong balideytor ay dating *Research Coordinator* na kasalukuyang nagtuturo sa kolehiyo. Isinaalang-alang ang mga suhestiyon at rekomendasyon ng mga balideytor upang maiangkop ang gabay na tanong at matamo ang nilalayon ng pag-aaral. Kinapapalooban ito ng tatlong tanong bilang gabay sa interbyu – (1) Ano-ano ang iyong naging motibasyon upang magpatuloy sa pagtuturo sa panahong ito? (2) Sa banta ng COVID-19 sa ating pamumuhay, anong mga hamon sa pagtuturo ang iyong naranasan? (3) Batay sa iyong karanasan, anong aral ang iyong natutunan kaugnay sa iyong propesyon bilang guro? Isinagawa ang pakikipanayam sa paraang *online* bilang pagsunod sa *health protocols,* sa kanilang libreng oras, at nagtagal lamang ng 15-30 minuto ang panayam habang ang ibang kalahok na hindi nagpa-interbyu ay binigyan ng isang linggo upang masagutan ang talatanungan.

## Mga Hakbang sa Pag-aaral

Labinlimang kalahok na boluntaryong magbabahagi ng kanilang mga karanasan sa pagtuturo sa panahon ng pandemya ang napili. Bilang pagsasaalang-alang sa etikal na konsiderasyon, humingi ng pahintulot ang mananaliksik at tiniyak na ang personal na pagkakakilanlan at tugon ng mga kalahok ay mananatiling lihim. Ang tugon at iba pang ibinahaging karanasan ng mga kalahok ay gagamitin alinsunod sa layunin ng pag-aaral. Gumamit ng koda ang mananaliksik na T1-T15 upang matiyak ang pagiging *confidential* ng pagkakakilanlan ng mga kalahok.

Bilang panimulang hakbang, ipinaalam ng

mananaliksik sa mga kalahok ang mga layunin ng pananaliksik. Pagkatapos, sinimulan ang pagkalap ng mga datos sa pamamagitan ng pakikipanayam at direktang pagsagot sa talatanungan. Bilang pagsunod sa *health protocols*, isinagawa ng mananaliksik ang pakikipanayam sa *online* na paraan. Anim sa mga kalahok ang nagpaunlak sa *online interview* habang siyam naman ang pumili ng pagsagot sa talatanungan sa bakante nilang oras. Nagtagal lamang ng 15-30 minuto ang panayam habang ang ibang kalahok naman ay binigyan ng isang linggo na sagutan ang talatanungan upang hindi makagambala sa kanilang mga gawain sa trabaho.

Matapos na malikom ang mga kinakailangang datos, sinuri ito ng mananaliksik gamit ang *Colaizzi's Seven Steps of Data Analysis.* Una*,* binasa ang lahat ng deskripyon mula sa mga tugon at mabusising sinuri ang kabuluhan ng mga natranskrayb na mga datos. Sinundan naman ito sa pagkuha ng mahahalagang tugon na may direktang kaugnayan sa kanilang mga karanasan sa pagtuturo sa panahon ng pandemya. Pagkatapos, bumuo ang mananaliksik ng mga pagpapakahulugan mula sa pagsusuri sa mga tugon at muling binasa ang talatanungan upang tiyakan ang kaangkupan ng nabuong kahulugan. Matapos matiyak na angkop ang pagpapakahulugan, isinaayos ito sa pamamagitan ng pagkaklaster ng mga tema na may kaugnayan sa hamon at motibasyon ng mga guro sa Filipino sa panahong may banta ng COVID-19. Ang pagkaklaster ng mga natuklasang tema ang pinagbatayan sa pagbuo ng komprehensibong deskripsyon sa penomenon na mabusising sinuri sa pamamagitan ng pagsasagawa ng balidasyon sa mga datos na nalikom. Kasunod naman nito ay ang pagbalangkas ng kabuoang paglalarawan sa penomenong pinag-aaralan. Panghuli, binalikan ng mananaliksik ang mga kalahok at tinanong sila sa kaangkupan ng naging kinalabasan sa kanilang naging karanasan. Isinagawa ang balidasyon sa pamamagitan ng paghingi ng komento at suhestiyon upang matiyak na walang anomang karanasan o impormasyong nakaligtaan sa

isinagawang pagsusuri.

## Pagtalakay sa Resulta ng Pag-aaral

Matutunghayan sa bahaging ito ang pagsusuri sa karanasan, mga hamon at motibasyon ng mga kalahok sa pagganap ng kanilang gampanin bilang guro. Makikita rin dito ang paggamit ng mga kodang T1-T15 upang mapanatiling lihim ang pagkakakilanlan ng mga kalahok.

### Mga Hamon sa Pagtuturo sa Panahon ng Pandemya

Inilahad sa mga talahanayan ang mga temang nabuo at ang bilang ng mga tugon sa bawat tema batay sa mga hamong kinaharap ng mga guro sa Filipino sa panahon ng pandemya.

**Talahanayan Bilang 1.**

*Mga Hamon sa Pagtuturo sa Panahon ng Pandemya*

| **Tema** | **Bilang** (Porsyento) **ng Tumugon** (n=15) | **Siping Pahayag** |
|---|---|---|
| Usad-pagong na internet | 13 (87%) | *"Hindi stable ang internet connection para sa online class. Lunes nang magkaroon ng observation sa klase ko kaso hindi naging matagumpay dahil sa hindi stable na internet sa araw na iyon*[T8]." |

| | | |
|---|---|---|
| Pagbuo, pagkolekta at pagwawasto ng modyul | 9 (60%) | *"Puyat at pagod ang isinaalang-alang upang maka-reproduce ng modyul lalo na at hindi pa dumating ang modyul galing Nasyonal. Ito ay hindi trabaho naming mga guro ngunit para sa ikabubuti ng dibisyon ay sumang-ayon kami upang matustusan ang kakulangan nito*[T15]." |
| Banta sa pisikal at mental na kalusugan | 6 (40%) | *"Ito talaga ang nararanasan ko ngayon dahil sa daming concerns at daming ihahanda para sa mga mag-aaral. Naaapektuhan na rin ang kalagayang mental ko kung saan nagdudulot na ito ng stress*[T7]." |
| Kakulangan sa *gadget* at Iba pang *learning resources* | 6 (40%) | "*Malaking hamon sa distance learning ang gadget ng mga mag-aaral at internet connectivity at ang mga mag-aaral na wala, eh di walang saysay ang pagbabahagi ng kaalaman*[T4]." |

Mamamalas ang mga hamon ng mga kalahok sa pagtuturo gaya ng usad-pagong na *internet connection,* pagbuo, pagkolekta at pagwawasto ng modyul, banta sa pisikal at mental na kalusugan, at kakulangan sa gadget at iba pang *learning resources.* Ang usad-pagong na internet connection ang pinakanangungunang hamon ng mga kalahok dahil naging sagabal ito sa pagpapaabot ng komunikasyon at instraksyon sa kanilang tinuturuan. Isa pang hamong kanilang kinaharap ay ang pagbuo, pagkolekta, at pagwawasto ng modyul sapagkat lalo lamang itong nakadagdag sa mga gawain. Ang masaklap pa ay may iilang mga modyul na hindi nasusulatan ng pangalan kung kaya naging pasanin ito para sa kanila. Pinangangambahan

din nila ang ang banta ng COVID-19 sa kanilang pisikal at mental na kalusugan gayong lumalabas sila ng tahanan upang makapasok sa kani-kanilang paaralan na maaaring mag-*expose* sa kanila sa virus dagdag pa ang *stress* na bunga ng tambak na mga gawain. Lumutang din sa pagsusuri ang temang kakulangan sa gadget at iba pang *learning resources* sapagkat may mga mag-aaral na walang sapat na kakayahang makabili ng *cellphone* o *laptop* na gagamitin sa pagbibigay-instraksyon at sa talakayan. Ang mga hamong ito ay sagabal sa pagtuturo ng mga kalahok sa panahon ng pandemya.

Batay sa pagsusuri, ang mga hamong kanilang kinaharap ay usad-pagong na *internet connection,* pagbuo, pagkolekta at pagwawasto ng modyul, banta sa pisikal at mental na kalusugan, at kakulangan sa gadget at iba pang *learning resources.*

Mahihinuha sa kanilang tugon ang nangungunang temang usad-pagong na *internet connection* bilang hamon sa pagtuturo *online.* Pansinin ang siniping pahayag sa ibaba:

> *"Hindi stable ang internet connection para sa online class. Lunes nang magkaroon ng observation sa klase ko kaso hindi naging matagumpay dahil sa hindi stable na internet sa araw na iyon*[T8]*."*

Ang mahinang *internet connection* ang isa sa mga dagok ng mga kalahok sa pagtuturo lalo na ngayon na ang lahat ng mga gawaing pampaaralan ay nakasalig sa *online* na pamamaraan. Ayon sa World Bank, sa taong 2020 karamihan sa mga mag-aaral ay nahihirapan sa pag-access sa *online* na pag-aaral (Ali & Kaur, 2020). Dagdag pa nga sa pag-aaral ni Toquero (2021) na ang usad-pagong o hindi maaasahang *internet*, gastusin sa koneksyon,

*technophobia*, kakulangan sa 21st siglong teknolohikal na kasanayan, at kawalan ng *devices* ay ilan lamang sa mga balakid ng *distance learning* na pagtuturo. Kung kaya, mahalagang maisaayos ang mga imprastraktura na makatutulong sa paglutas at makapagpapataas sa kalidad ng internet connection sa bansa lalo na ngayong bahagi na ng sistemang pang-edukasyon at *New Normal* na pagtuturo ang *flexible learning.*

Isa pang temang nabuo ay ang pagbuo, pagkolekta at pagwawasto ng modyul. Hayagang binanggit sa pahayag:

> *"Puyat at pagod ang isinaalang-alang upang maka-reproduce ng modyul lalo na at hindi pa dumating ang modyul galing Nasyonal. Ito ay hindi trabaho naming mga guro ngunit para sa ikabubuti ng dibisyon ay sumang-ayon kami upang matustusan ang kakulangan nito*[T15]*."*

Ipinapahayag nito na hindi madali ang pagpapatuloy ng mga guro sa pagtuturo lalo na sa pagbuo, pagkolekta at pagwawasto ng modyul. Naging dagdag paperworks pa ito sa mga guro lalo na't mayroon din silang klase *online*. Binanggit sa Lapada at mga kasama (2020), ang mga guro, mag-aaral at paaralan ay nag-aadjust pa sa *distance learning education.* Kaya maraming institusyon sa Mas Mataas na Edukasyon, pribado o pang-estadong kolehiyo at unibersidad ay hindi pa handa sa pagpapatupad ng sistemang *online* (Toquero, 2020).

Lutang na lutang din ang temang banta sa pisikal at mental na kalusugan. Inihayag ito sa pahayag na:

> *"Ito talaga ang nararanasan ko ngayon dahil sa daming concerns at daming ihahanda para sa mga mag-aaral. Naaapektuhan na rin ang kalagayang mental ko kung saan nagdudulot na ito ng stress*[T7]*."*

Mababakas sa kanilang mga tugon ang pangamba para sa kanilang kalusugan ngunit patuloy pa rin silang nagpupursige sa pagtuturo para sa ikabubuti ng kanilang pamilya at mga mag-aaral kung kaya mahalaga na maglunsad ng mga programa o gawaing magsusulong sa mental at pisikal hindi lamang ng mga guro kundi maging ng mga mag-aaral. Binanggit naman ni Toquero (2020) na ang pagpapatibay ng edukasyonal na pagpaplano at pagpapatupad ng mga hakbang pangkalusugan ay magbibigay sa mga mag-aaral at *stakeholders* ng oportunidad upang makapagpatuloy sa pagkatuto habang iniiwasan ang paglaganap ng virus (Toquero, 2020). Maraming buhay sa buong mundo ang nagbago dahil sa COVID-19. Lumikha ito ng takot, *trauma*, depresyon at pagkabalisa higit lalo sa nawalan ng mga mahal sa buhay (Talidong at Toquero, 2020). Pinatutunayan lamang ng mga pag-aaral na bahagi ng hamong kinakaharap ng mga guro ang takot at pangamba para sa kanilang pisikal at mental na kalusugan.

Natuklasan din ang temang kakulangan sa *gadget* at iba pang *learning resources*. Narito ang inihayag ng mga kalahok:

> *"Malaking hamon sa distance learning ang gadget ng mga mag-aaral at internet connectivity at ang mga mag-aaral na wala, eh di walang saysay ang pagbabahagi ng kaalaman*[T4]."

Mahihinuha sa pahayag na malaking sagabal sa mga kalahok ang kakulangan ng gadget sapagkat dito nakasalalay ang paghahatid ng komunikasyon at pagtalakay sa mga aralin. Binanggit nina Ali at Kaur (2020) na ang karamihan sa mga mag-aaral ay nakadepende sa selpon ng kanilang mga magulang/tagapag-alaga at nakaka-access lamang batay sa itinakdang oras. Ipinahayag naman nina Lapada at mga kasama (2020) na ang mga guro ay handang lumipat sa *distance learning education* ngunit ramdam nila ang mga hamon dahil sa kakulangan ng mga pasilidad, kagamitan at

*capacity building* sa *distance learning*. Pinatutunayan nito ang ipinahayag ng mga kalahok na mas mahirap ang pagtuturo sa panahon ng pandemya dahil maraming pagbabago ang naganap sa proseso ng pagtuturo na halos lahat ay nakasalalay sa *internet connectivity* at iba pang birtwal na pamamaraan. Mas makabubuti rin na maglaan ng karagdagang pundo upang mabigyan ng gadget at *learning materials* ang mga mag-aaral na walang sapat na kakayahang tugunan ang mga pangangailangang ito.

## Mga Motibasyon sa Pagtuturo sa Kabila ng Banta ng COVID-19

Inilahad sa talahanayan 2 ang mga temang nabuo batay sa motibasyon ng mga kalahok sa pagtuturo sa kabila ng banta ng COVID-19.

**Talahanayan Bilang 2.**

*Mga Motibasyon sa Pagtuturo sa Kabila ng Banta ng COVID-19*

| **Tema** | **Bilang (Porsyento) ng Tumugon** (n=15) | **Siping Pahayag** |
|---|---|---|
| Mag-aaral ang puso ng pagtuturo | 10 (67%) | *"Isa sila sa naging inspirasyon ko sa pagtuturo dahil gusto kong ibahagi sa kanila ang aking mga natutunan at hubugin sila para maisakatuparan at maabot nila ang kanilang mga minimithi sa buhay*[T10]*."* |
| Breadwinner si titser | 7 (47%) | *"Ang motibasyon ko ay ang aking sweldo dahil krisis ngayon. Kailangang masigurado na matulungan ko ang aking pamilya financially*[T13]*."* |

| | | |
|---|---|---|
| Kagustuhan at komitment sa sinumpaang propesyon | 7 (47%) | *"Hindi maipagkakaila na mahal ko ang pagtuturo dahil marami akong mahuhubog na mga kabataan upang maging isang mabuting tao na may pakinabang sa lipunan*[T12]*."* |
| Pamilya ang lakas at sandigan sa pagtuturo | 5 (33%) | *"Sila ang nagsisilbi kong sandigan at lakas sa bawat araw... Lahat ng aking pagsusunog ng kilay at pag-aanyong bakal ay dahil sa kanila*[T3]*."* |

Matutunghayan sa talahanayan ang mga motibasyong mag-aaral ang puso ng pagtuturo, breadwinner si titser, kagustuhan at komitment, at pamilya ang lakas at sandigan sa pagtuturo. Nagpapatuloy at nagsusumikap sa pagtuturo ang mga kalahok sa kadahilanang ang mga mag-aaral ang puso ng kanilang pagtuturo at nagsisilbing inspirasyon kung bakit hindi sila sumusuko. Kaugnay nito, namalas din ang temang Breadwinner si titser sapagkat isinaalang-alang nila ang kapakanan ng kanilang pamilya lalo na't may krisis kung saan marami ang nawalan ng trabaho at laganap ang kahirapan. Ang kasunod na temang nabuo ay kagustuhan at komitment sa pagtuturo na itinuturing nilang adbokasiya. Ang pagtuturo bilang propesyon ay bahagi na ng kanilang buhay at mananatili silang matapat at matapang sa sinumpaang tungkulin. Naging motibasyon din nila ang kanilang pamilya na pinagkukunan nila ng lakas at sandigan upang ipagpatuloy ang pagtuturo sa tuwing napanghihinaan ng loob dala ng mga pag-aalinlangang dulot ng pagkahapo at pagod na nararanasan. Ipinapakahulugan lamang nito na ang mga mag-aaral, pagiging breadwinner, kagustuhan at komitment sa pagtuturo at ang kanilang pamilya ang kanilang naging motibasyon upang manatiling matatag at masigasig sa pagtuturo sa kabila ng banta ng COVID-19 pandemya.

Lumalabas sa ginawang pagsusuri sa karanasan ng mga kalahok na may dalawang uri ng motibasyon – motibasyon sa pagtuturo at motibasyon sa pananatili sa propesyon. Ipinalulutang sa nabuong tema ng kasalukuyang pag-aaral na ang *Mag-aaral ang puso ng pagtuturo* at *breadwinner si titser* ay mapapabilang sa motibasyon sa pagtuturo.

Narito ang pahayag na nagpapahiwatig na ang mag-aaral ang puso ng pagtuturo:

> *"Isa sila sa naging inspirasyon ko sa pagtuturo dahil gusto kong ibahagi sa kanila ang aking mga natutunan at hubugin sila para maisakatuparan at maabot nila ang kanilang mga minimithi sa buhay*[T10]*."*

Mababakas sa pahayag na likas na sa mga guro ang pagsusumikap para sa ikagaganda ng kinabukasan ng kanilang mga mag-aaral kung kaya nagpupursige sila sa pagtuturo kahit na may banta ng Virus dahil iniisip nila ang kapakanan nito.

Isa pa sa motibasyon sa pagtuturo ay ang temang *Breadwinner si titser*. Pansinin ang pahayag sa ibaba:

> "*Ang motibasyon ko ay ang aking sweldo dahil krisis ngayon. Kailangang masigurado na matulungan ko ang aking pamilya financially*[T13]*."*

Mahihinuha sa pahayag na ang motibasyon nila sa pagtuturo ay nakasentro sa kanilang mga estudyante at pamilya. Ang pagsasaalang-alang sa kinabukasan ng mga estudyante ay masasabing magandang tunguhin sa pagtuturo gayunpaman mahalaga ring mabigyan ng sapat at marangal na pasahod ang mga guro para sa pagtataguyod ng kanilang pamilya. Ayon kay Galvez (2018), sa anomang organisasyon,

may mahalagang gampanin ang motibasyon sa paghubog ng pag-uugali. Isa itong pangangailangan, isang pagnanais na nag-oorganisa at gumagabay sa mga kasapi tungo sa iisang layunin. Dagdag pa niya, ang mga parangal na natatanggap ng mga guro ay may makabuluhang ugnayan sa pagganap ng kanyang mga mag-aaral (Galvez, 2018). Kaugnay nito iminungkahi ni Mark (2015) na mahalagang mabigyan ang mga guro ng sapat at angkop na pasahod, promosyon, *salary increment* at dagdag *allowance* upang maganyak sila sa pagtuturo. Ang pandemyang dinaranas ng lahat ay hindi napaghandaan kaya marami sa mga guro ang nagnanais na mabigyang-katiyakan ang kalagayan ng kanilang mga pamilya lalo na at siya ang *breadwinner* kung kaya mahalagang mabigyan ng pansin ng pamahalaan ang kanilang mga pangangailangan.

Samantala, ang temang *kagustuhan at komitment sa paguturo,* at *pamilya ang lakas at sandigan sa pagtuturo* ay nabibilang sa motibasyon sa pananatili sa propesyon. Narito ang siping pahayag na kakikitaan ng kagustuhan at komitment sa pagtuturo:

> *"Hindi maipagkakaila na mahal ko ang pagtuturo dahil marami akong mahuhubog na mga kabataan upang maging isang mabuting tao na may pakinabang sa lipunan*[12].*"*

Ipinapahayag sa tugon ang kagustuhan at komitment ng mga guro sa pagtuturo na nagpapahayag na walang virus ang makapipigil sa kanilang pagmamahal sa pagtuturo.

Mauuri rin sa motibasyon sa pananatili sa propesyon ang temang pamilya ang lakas at sandigan sa pagtuturo na mababakas sa pahayag na:

> *"Sila ang nagsisilbi kong sandigan at lakas sa bawat araw... Lahat ng aking pagsusunog*

*ng kilay at pag-aanyong bakal ay dahil sa kanila*[T3]*."*

Nangangahulugan lamang ito na sa mga pagkakataong napanghihinaan ng loob ang mga guro, ang kanilang mga pamilya ang kanilang pinanghuhugutan ng lakas upang magpatuloy sa kanilang sinumpaang propesyon. Binanggit ni Panisoara at mga kasama (2020) na ang mga gurong naniniwala na sila ay epektibo at iniugnay ang kanilang tagumpay sa personal na pagsusumikap ay makahahanap ng *psychological resources* upang mapagtagumpayan ang mga gawain.

Binigyang-diin din nina Dornyei at Ushioda (halaw sa Han at Yin, 2016) ang dalawang dimensyon ng motibasyon ng guro – motibasyon sa pagtuturo at motibasyon sa pananatili sa propesyon. Sa pag-aaral naman ni Börü, (2018), tinalakay niya ang dalawang pangunahing salik sa motibasyon ng mga guro – *internal* at *external motivation resources*. Mapapansin sa kasalukuyang pag-aaral na ang temang *kagustuhan at komitment sa pagtuturo* ay nabibilang sa *internal motivation resources* samantalang ang temang *mag-aaral ang puso ng pagtuturo, breadwinner si titser,* at *pamilya ang lakas at sandigan sa pagtuturo* ay mauuri sa *external motivation resources*. Mahihinuha sa mga ito na kahit may pandemya, ang kaguruan sa bansa ay nananatiling matatag at nagpupursige sa pagtuturo.

Bilang paglalahat, ang mga motibasyon panloob man o panlabas, motibasyon sa pagtuturo o pananatili sa propesyon, kapwa humihimok sa mga guro sa Filipino upang paghusayan at magpursige sa paguturo at maipaabot ang kalidad na edukasyon para sa lahat sa kabila ng hamon ng pandemya.

## Kongklusyon at Rekomendasyon

Ginalugad at inilarawan sa pag-aaral ang kwentong-buhay ng mga guro sa Filipino kabilang na ang kanilang mga hamon at motibasyon sa pagtuturo sa panahon ng pandemya. Itinatampok din ang danas, pagsusumikap at pagsasakripisyo nila sa kabila ng bantang dulot ng COVID-19. Naniniwala ang mananaliksik na mahalaga ang mga natuklasan upang magsilbing gabay sa pagpaplano at pagbuo ng mga hakbang o polisiyang aagapay sa pangangailangan ng sektor ng Edukasyon.

Natuklasan na ang mga hamong naranasan ng mga kalahok ay ang usad-pagong na *internet connection*, pagbuo, pagkolekta at pagwawasto ng modyul, banta sa pisikal at mental na kalusugan at kakulangan sa *gadget* at iba pang *learning resources.* Samantala, ang kanilang mga motibasyon ay may temang mag-aaral ang puso ng pagtuturo, *breadwinner* si titser, kagustuhan at komitment sa sinumpaang propesyon, at pamilya ang lakas at sandigan sa pagtuturo.

Sa kabila ng mga hamong kanilang hinaharap sa pagtuturo, mahalagang maisaalang-alang ang kanilang motibasyon upang makapagpatuloy sa kanilang mga gawain na maiuugnay sa *Self-Determination Theory.* Mahalagang mapag-aralan ang kanilang motibasyon upang mapataas ang kanilang moral at maging masigasig sa sinumpaang propesyon sa pamamagitan ng mga polisiyang may kinalaman sa paggamit ng makabagong teknolohiyang panturo, karagdagang kompensasyon, at mga gawain sa pangangalaga sa pisikal at mental na kalusugan.

Napatunayan sa pag-aaral na ang nangungunang hamon sa pagtuturo ng mga kalahok ay ang usad-pagong na *internernet connection* dahil dito iminumungkahi ng mananaliksik sa pamunuan ng DepEd at CHED na maglaan ng dagdag-pundo sa *internet allowance* ng mga guro lalo na't ang karamihan ay nasa *work from home.* Magsagawa ng *capacity building* sa paglinang ng 21$^{st}$ siglong teknolohikal

na mga kasanayan nang sa gayon ay hindi na mahirapan ang mga guro sa pagbuo, pagkolekta at pagwawasto ng modyul. Upang matugunan ang kakulangan sa gadget at *learning resources,* inirerekomenda din na maglaan ng pundo para sa pamamahagi ng *laptop* o *tablet* sa mga mag-aaral na higit na nangangailangan. Higit sa lahat, inirerekomenda rin sa Administrasyon ng mga paaralan na bumuo ng *task force* na siyang tutugon sa usaping mental at emosyonal na kanilang nararanasan. Pangangasiwaan din nila ang mga *webinar* kaugnay sa *mental health* at mga paksang kaugnay sa pangangalaga sa sarili laban sa COVID-19 at mga usapin sa pagkabalisa, pagkahapo at depresyon.

Sumasaklaw lamang ito sa perspektiba ng labinlimang kalahok at hindi kumakatawan sa pangkalahatang bilang ng kaguruan sa bansa. Kaugnay nito, inirerekomenda na palawigin pa ang pananaliksik sa mga hamon at motibasyon na sasangkot hindi lamang sa mga guro sa Filipino kabilang na rin ang mga nagtuturo sa ibang mga asignatura. Bigyang-tuon din ang epekto ng pandemya sa mental na kalusugan ng mga guro, mga estratehiya sa pagtuturong birtuwal, at pagtataya sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya sa new normal na pagtuturo. Bilang paglalahat ang mga motibasyon ng mga guro sa Filipino ay nagpapakilos at humihimok sa kanila upang paghusayan ang pagpapaabot ng kalidad na edukasyon sa kabila ng mga hamong dulot ng pandemya.

■ ■ ■

## Talasanggunian

Ali, W., & Kaur, M. (2020). Mediating educational challenges amidst Covid-19 pandemic. *Asia Pacific Journal*

*of Contemporary Education and Communication Technology, 6*(2), 40-57.

Augusto, Jr. W.S. (2019). A phenomenological study on the lived experience of the out-of-field mentors. *International Journal of Advance Research and Publications, 3*(6), 35-42.

Börü, N. (2018). The factors affecting teacher-motivation. *International Journal of Instruction, 11*(4), 761-776.

Gaddi, Z.A. (2016). From experiences to themes: phenomenology on the school's culture contributing to excellence. *AsTEN Journal of Teacher Education, 1*(2), 99-110.

Galvez, G.D.A. (2018). Work motivation and awards received and pupils' academic performace in elementary schools in the division of Samar. Presented in the 4th International Research Conference on Higher Education, *KnE Social Sciences,* 522-539.

Han, J., & Yin, H. (2016). Teacher motivation: Definition, research development and implications for teachers, *Cogent Education,* 1-18. http://dx.doi.org/10.1080/2331186x.2016.1217819.

Lapada, A.A., Miguel, F.F., Robledo, D.A.R., & Alam, Z.F. (2020). Teacher's Covid-19 awareness, distance learning education experiences and perceptions towards institutional readines and challenges, *International Journal of Learning, Teaching and Educational Research, 19*(6), 127-144. https://doi.org./10.26803/ijlter.19.6.8.

Legault, L. (2017). Self-determination theory. *Encyclopedia of Personality and Individual Differences*, 1-9. https://doi.org/10.1007/978-3-319-28099-8_1162-1.

Llego, M.A. (2020). DepEd learning delivery modalities for school year 2020-2021. *TEACHERPH*. https://teacherph.com/deped-learning-delivery-modalities/

Malipot, M.H. (2020, May). *DepEd all set for coming school year, HEI's may open as early as August.* Manila Bulletin. https://mb.com.ph/2020/05/14/deped-all-set-for-coming-school-year-heis-may-open-as-early-as-august/

Mark, A. (2015). Factors influencing teachers' motivation and job performance in Kibaha district Tanzania. Open and Distance Learning of the Open University of Tanzania.

Ming, L.K. & Guan, T.E. (2016). Preparing teachers for the 21st Century. *AsTEN Journal of Teacher Education, 1*(1), 1-7.

Panisoara, I.O., Lazar, I., Panisoara, G., Chirca, R., & Ursu, A.S. (2020). Motivation and continuance intention towards online instruction among teachers during the COVID-19 pandemic: The mediating effect of burnout and technostress. *International Journal of Environmental Research and Public Health,* 1-28**.** https://doi.org/10.3990/ijerph17218002.

Qui, W., Rutherford, S., Mao, A., & Chu, C. (2016-2017). *Health, Culture and Society, 9*(10). https://doi.org/10.5195/hcs.2017.221.

Ryan, M.R. & Deci, E.L. (2000). Self-determination theory and the facilitation of intrinsic motivation, social development and well-being. *American Psychology, 55*(1), 68-78. https://doi.org/10.1037//0003-066X.55.1.68.

Rogayan, Jr. D.V. (2018). Why young Filipino teachers teach? *Asia Pacific Higher Education Research Jour-*

*nal, 5*(2), 48-60.

Talidong, K.J. & Toquero, C.M.D. (2020). Philippine teacher's practices to deal with anxiety amid COVID-19. *Journal of Loss and Trauma, 25*(5-6), 573-579. https://doi.org/10.1080/15325024.2020.1759225.

Toquero, C.M. (2020). Challenges and opportunities for higher education amid COVID-19 pandemic: The Philippine context. *Pedagogical Research, 5*(4), em0063. https://doi.org/10.29333/pr/7947.

Toquero, C.M. (2021). Emergency remote education experiment amid COVID-19 pandemic in learning institutions in the Philippines. *International Journal of Educational Research and Innovation, 15*, 162-176. https://doi.org/10.4661/ijeri.5113.

Virola, R.I. (2019). Free education in the Philippines: A continuing saga. *International Journal of Advanced Engineering Management and Science, 5*(4), 238-249.